DEPARTMENT OF EDUCATION
EL SALVADOR CITY- RECORDS SECTION
RELEASED
AUG 05 2026
Time: 8:45 By: Control #: 240

Hulyo 30, 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 240, s. 2026**

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026

Para sa: Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Pampubliko at Pribadong Punongguro sa Elementarya/Sekundarya
Mga Guro sa Asignaturang Filipino
Lahat ng mga Kinauukulan sa Sangay na ito

1. Batay sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1 – 31. Kaugnay nito, pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Kawanihan ng Linangan sa Pagtuturo (BLD) ang pakikibahagi sa selebrasyon sa mga paaralan. Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan *sa Pananaliksik* at Tulay sa Yaman ng Impormasyon".**

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 ang mga sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
c. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
d. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Para sa makabuluhang pakikibahagi sa pagdiriwang na ito ng Buwan ng Wikang Pambansa, naglaan ng mga gawaing pansilid na angkop sa antas at kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat yugto. Narito ang talahanayan ng mga gawaing pansilid:

| Baitang | Gawain | Layunin |
|---|---|---|
| Unang Yugto (Kindergarten hanggang Baitang 3) | Likhawento | Makabuo at makapagsalaysay ng kuwento upang malinang ang pagkamalikhain at kasanayan sa wika. |

| | | |
|---|---|---|
| Ikalawang Yugto (Baitang 4 hanggang 6) | Tahirawan | Mapaunlad ang kakayahan ng mga magaaral sa malikhaing pagpapahayag at paggamit ng wika. |
| Ikatlong Yugto (Baitang 7 hanggang 10) | DokyuWento | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang. |
| Ikaapat na Yugto (Baitang 11 hanggang 12) | AI-Saliksik | Magamit ang makabagong teknolohiya at (AI) bilang katuwang sa masusing pananaliksik at paglikha ng mga makabuluhang akademikong output. |

4. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang, hinihikayat ang lahat ng kawani ng Punong Tanggapan ng Sangay ng Lungsod El Salvador (Division Office Personnel), mga guro at kawani ng paaralan na magsuot ng *Kasuotang Filipino/ Filipiniana/ Barong Tagalog/ Katutubong Kasuotan* tuwing araw ng Lunes at ang paggamit ng Wikang Filipino sa mga ugnayang pang-opisina, pulong, programa, seremonya, at iba pang opisyal na gawain sa buong Buwan ng Agosto 2026, alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng Kagawaran ng Edukasyon at ng Komisyon sa Wikang Filipino. Inaatasan din ang bawat paaralan na maglagay ng tarpaulin bilang pakikiisa sa pagdiriwang. Mada-*download* ang *digital* na poster sa link na ito: https://hostyurl.com/HB40c1. Magpapasa ang bawat paaralan ng *Picto - Narrative Report* hinggil sa buong pagdiriwang na naka-*pdf form* sa *email* na ito, genevieve.lusterio@deped.gov.ph. Ang huling araw ng pagpasa ng nasabing *report* ay sa Setyembre 7, 2026.

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, inaaasahang matitiyak ang pagsunod sa DepEd Order No. 9, s. 2005 o *Institute Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith* na hindi dapat makaabala sa regular ng klase ang mga gawain. Gayundin, ang pagtupad sa isinasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2026 o *Guidelines on the Implementation of the Three-Term School in Basic Education)* na ang lahat ng *co-curricular* na gawain at iba pang kaugnay ng pagdiriwang na nakapaloob sa *Instructional Block* ay dapat isagawa nang hindi makaaantala sa regular na proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pagdiriwang ay inaasahang maisasama sa mga gawain sa pagtuturo at iba pang gawain sa pagkatuto na nakahanay sa kurikulum upang mapanatili ang sapat na oras para sa paglinang ng mga kasanayan sa mga mag-aaral. Gayundin, mahalaga ang pagtiyak sa pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 o *Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities* kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity.*

6. Ang gawaing ito ay sumusunod sa Pantay na Prinsipyo ng Pagkakataon (*Equal Opportunity Principle*) kung saan walang diskriminasyon ayon sa gulang, kasarian, pagkakakilanlan, oryentasyong sekswal, katayuang sibil, kapansanan, relihiyon, lahi, o kaakibat na politikal.

7. Ang mga gagastusin sa bawat gawain gaya ng pagkain, kagamitan at iba pa ay kukunin mula sa MOOE o iba pang lokal na pondo ng paaralan at pansangay na sumasailalim sa karaniwang mga tuntunin at pamantayan ng COA sa pagtutuos.

8. Inaaasahan ang malawakan at agarang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RANDOLPH B. TORTOLA**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

Pagdiriwang Buwan ng Wikang Pambansa Filipino

Re: Buwan ng Wikang Pambansa 2026

CID/*gcel*